# IPAPATUPAD ANG PAGBABAWAL SA PAGBENTA NG MAY FLAVOR NA TABAKO AT E-CIGARETTE SA SOUTH SAN FRANCISCO SA ENERO 1, 2020!

**Makukuha ang fact sheet na ito sa mga sumusunod na wika:**
中文 (Chinese)
Español (Spanish)
Tagalog

### Ano ang Pagbabawal sa Pagbebenta ng May Flavor na Tabako at E-Cigarette?

Alinsunod sa Kabanata 6.47 ng Kodigo ng Munisipalidad, ipinagbabawal nito ang mga Mayhawak ng Permiso sa Tingiang Pagbebenta ng Tabako na magbenta ng anumang may flavor na produkto ng tabako, kabilang ang ngunit hindi limitado sa tabakong walang usok/nginunguyang (chew) tabako, sigarilyo, sigaro o tabako, maliliit na tabako (cigarillos), likido ng vape, at hookah na tabako, na ginagawa para magkaroon ng amoy at/o flavor, tulad ng prutas, matamis, kendi, alak, mint, spice, o mentol.

Ipinagbabawal din nito ang pagbebenta ng e-cigarette o mga kagamitang vape na nagdadala ng nikotina o ibang mga sangkap sa taong nakakalanghap mula sa kagamitan tulad ng ngunit hindi limitado sa elektronikong sigarilyo, elektronikong tabako, elektronikong tabako gamit ang pipa, elektronikong hookah, o vape pen (kagamitang hugis-tubo na lumilikha ng singaw).

### Kailan magkakaroon ng bisa ang pagbabawal at paano ako makakapaghanda ngayon?

May bisa ang pagbabawal simula Enero 1, 2020. Itigil ang pagbili at paglalagay ng stock ng mga may flavor na produkto ng tabako at mga kagamitang e-cigarette ngayon upang maiwasan ang pagkalugi ng iyong puhunan sa oras na handa nang ipatupad ang mga tuntunin at regulasyon.

### Tutulungan ba ng Lungsod ang mga nagtitingi (retailer) sa pagpapatupad ng bagong batas?

Oo. Kasalukuyang isinasagawa ang mga pagsisikap para magturo at makipag-ugnayan. Magsisimula ang mga pagsusuri ng pagsunod simula Enero 2020, kung saan magbibigay ng abiso ng pagtatama kung may makitang mga may flavor na produkto ng tabako.

### Kailan ipapatupad ng Lungsod ang bagong batas?

Magsisimula ang pagpapatupad sa petsa ng pagkabisa na Enero 1, 2020. Iwasan ang mga pagkakasuspende ng permiso at mga sibil na multa sa pamamagitan ng pagtigil ng pagbebenta ng mga may flavor na produkto ng tabako at elektronikong sigarilyo o kagamitang vape ngayon.

### Paano ako mananatiling may nalalamang impormasyon?

Sa panahon ng prosesong ito, manatiling may alam sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website, https://www.ssf.net/flavoredtobacco. Basahin ang mga sulat mula sa Lungsod at magtuon ng atensiyon sa website para sa paglalathala ng Mga Madalas Itanong (FAQ). Maaari ka ring mag-email ng mga tanong sa flavoredtobacco@ssf.net.

### Paano ako mag-uulat ng isang paglabag?

Mangyaring makipag-ugnayan sa tagapagpatupad ng kodigo sa (650) 829-6682 at web-pw@ssf.net.

### Mga halimbawa ng mga produkto ng tabako na ipinagbabawal nang ibenta sa South San Franciso:



Ang "Mentol" ay may natatanging lasa at amoy.



Ang "Maasim na Mansanas" ay isang lasa ng prutas. Ang "Mint" ay may natatanging lasa at amoy.




Ang "Sereso," "Nektar," "Melon," "Mansanas," "Raspberry," "Presas," "Berry" at "Magkakahalong Prutas" ay mga lasa ng prutas; Ang "Crème Brulee" at "Baynilya" ay mga lasa ng kendi; Ang "Mint" at "Mentol" ay may mga natatanging lasa at amoy; Ang "Hawaiian Pod" ay may larawang nagpapahiwatig na mayroon itong flavor bukod pa sa tabako.



Ibinebenta nang paisa-isa o nakapakete; ipinagbabawal iyong mga may flavor.



Ang "Presas," "Puting Ubas," "Ubas," "Melokoton" at "Blueberry" ay mga lasa ng prutas.




Ang "Berry" ay isang lasa ng prutas; ang mint ay may natatanging lasa at amoy.



Ang "Limonada" ay isang inuming may lasa ng prutas; Ang "Raspberry," "Blueberry," "Dalandan," "Ubas," "Cherry" at "Presas" ay mga lasa ng prutas.

*Ipinapakita ang mga larawan para sa mga layunin ng pagtuturo lamang.*